22112050

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Monday 16 May 2011 (morning)
Lundi 16 mai 2011 (matin)
Lunes 16 de mayo de 2011 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta.


© International Baccalaureate Organization 2011

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng sanaysay sa* ***isa*** *sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural* ***at/o*** *opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** Ang bilingguwalismo ay hindi nangangahulugan ng pagkakapantay ng dalawang wika sapagkat laging nagiging dominante ang isa at nasusupil ang kabila. Pag-isipan kung gaano ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**2.** Mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, sumasang-ayon ka ba na ang wika ay higit na nauukol lamang sa pagtataguyod ng pambansang identidad at karangalan kaysa komunikasyon?

**Medya at Kultura**

**3.** Lagi at lagi tayong hinahatiran ng mass media ng mga balita na ayaw nating malaman. Ayon sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, gaano ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito?

**4.** Sa pamamayagpag ng makabagong teknolohiya sa komunikasyong pangmadla (*Internet* at *mobile technology*), sinasabi ng marami na nagbago na ang mga paraan natin ng pagkonsumo at pagtangkilik sa media. Gamit ang mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, talakayin kung paano nagbago ang pagkonsumo natin sa media dulot ng popularidad ng modernong teknolohiya.

**Mga Isyung Panghinaharap**

**5.** Gaano kalawak ang mga radikal na pagbabago na maidudulot ng impluwensiya ng modernong siyensiya? Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Pandaigdig**

**6.** Batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, sumasang-ayon ka ba na ang lumalalang kahirapan o karukhaan ang pinakamatinding suliranin na dapat tutukan ng mga bansa ngayon?

**Mga Isyung Panlipunan**

**7.** Pangatuwiranan ang ideya na "Kung walang edukasyon, wala ring kalayaan at katarungan sa lipunan". Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, at sa pagtalakay ay ipakita din ang koneksiyon ng ibang isyung panlipunan sa partikular na usaping ito.



https://xtremepape.rs/

**Mga Tanong Panliteratura**

**8.** Sinasabi ng maraming manunulat na ang simbolismo o talinghaga ay hitik sa katotohanan at kahulugan ng buhay. Talakayin ang ideyang ito batay sa dalawa o higit pang akdang napag-aralan sa opsiyong ito.

**9.** Ayon kay G.K. Chesterton, "ang trahedya'y laging nangangahulugan ng pakikihamok ng tao sa mga puwersang higit na makapangyarihan kaysa kanya". Talakayin ang kaisipang ito gamit ang dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**10.** Ipakita kung paanong ginagamit sa panitikan ang mga imahe ng siklo ng kalikasan (halimbawa, tagtuyot at tag-ulan, taglagas at tagsibol) upang magpahayag ng mensahe ukol sa kahulugan ng buhay ng tao. Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.



https://xtremepape.rs/